

## MGA MUNGKAHING GAWAIN

Magtala ng limang mga salita na hindi pa istandardisado o kasalukuyang ginagamit lamang ng mga tao sa kanto at bigyang pagpapaliwanag kung bakit ito dapat na itanghal bilang salita ng taon batay sa kung papaano ito lumalaganap at ginagamit sa pakikipagkomunikasyon.

1. **Awit**- ito ay isang ekspresyon na galing sa pinagsamang salita na “Aww” at “Sakit”, na ang ibig sabihin ay “Aww ang sakit”, o may kasama pang “sayo”(Awit sayo) na ang ibig sabihin ay patay tayo sa’yo o palpak ang diskarte mo. Ito ay ginagamit ng mga milenyal lalo na sa larangan ng online games o kung minsan ginagamit din nila ito sa kanilang pang araw-araw na salita.
2. **Lodi o Ssob**- ito ay salitang Ingles na binaliktad ng mga Pinoy. Ang lodi ay idol at ang ssob naman ay boss. Ito ay karaniwang sinasalita ng mga kabataang Pinoy kapag sila ay magtatanong sa hindi naman nila gaanong kakilala na tao, o di kaya sa mga tao na hihingian nila ng pabor. Kung dati ay “Kuya” o “Boss” ang kanilang ginagamit, ngayon naman ay “Lodi” o “Ssob”.
3. **GG**- ang ibig sabihin nito sa pang araw-araw na pananalita ay nangangahulugang “negative”, o “hindi pwede”, at kung sa laro naman sa online games ay “Good Game” o “ talo”. Karaniwan itong gamit ng mga milenyal sa kanilang mga salita.
4. **Awts gege**- ito ay isang ekspresyon na salita na ginagamit ng mga kabataan ngayong taon. Kung minsan naman ay ginagamit nila ito kapag sila ay napahiya o nasaktan para hindi sila magmukhang masyadong kaawa awa, halimbawa ay kapag tinatanong nila ang kanilang crush o nagustuhan na tao at kapag sila ay sinagot ng di kaaya aya sa kanilang pandinig, ang sasabihin nila ay “Awts gege”.




5. **It really hurts**- ito ay isang ekspresyon na kinakanta o sinasalitang pakanta ng mga kabataan. Itong salita na ito o liriko ay nagmula sa kantang pinamagatang “Kabet” at ang kumanta naman ay si Gagong Rapper, ito ay dati pang kanta ngunit sumikat ulit

This study source was downloaded by 100000834844858 from CourseHero.com on 11-03-2021 05:20:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/67908352/MODYUL-1-AKTIBITIdoc/

dahil sa isang TikTok challenge sa isang social media. Pinapatugtog nila ito at sumasayaw ang nasa bidyo na parang bulate habang ang kanyang dalawang hintuturo ay nasa kanyang sintido, ito'y ginagawa ring "meme" ng mga kabataan lalo na kapag sila ay mang aasar sa social media platform.

**Halimbawa**:

https://web.facebook.com/mimiyuuuh/posts/668569133742537





**PANGWAKAS NG PAGTATAYA**

Panuto: Panuorin ang epikseryeng AMAYA na binagbidahan ni Marian Rivera Dantes sa episodyo 1 hanggang 5 at isagawa ang mga sumusunod na gawain:

1. Magtala ng dalawampu (20) na katutubong salita na ginamit sa mga dayalogo sa loob ng epikserye.
2. Bigyang kahulugan at ilahag ang katumbas na tagalog na salita ng mga katutubong salita na iyong itinala batay sa konteksto ng tagpo kung saan ito ginamit sa loob ng epikseryeng Amaya.
3. Gamitin sa pangungusap ang mga katutubong salita na iyong nailahad mula sa episodyo ng Amaya na iyong pinanuod.
4. Gumawa ng maikling pagpapaliwanag sa pinagmulang panguhing wika sa Pilipinas nabibilang ang mga katutubong wika na iyong inilahad

This study resource was shared via CourseHero.com

**Mga Salita:**

1. **Baba (Ama)-** ito ay ang lalaki na prumoprotekta sa isang pamilya o ang haligi ng tahanan.
    - Masyadong mahigpit ang **baba** ni Amaya na si Datu Bugna sa kanyang mga manliligaw.
2. **Babaylan (Saserdote, Shaman)-**tinuturing silang pinakamakapangyarihang babae sa isang banwa, sila ay isang manggagamot, manghuhula at isang babae na maaaring pumasok sa mundo ng mga espiritu.

This study source was downloaded by 100000834844858 from CourseHero.com on 11-03-2021 05:20:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/67908352/MODYUL-1-AKTIBITIdoc/

- Malaki ang tiwala at paniniwala ng mga Rajah sa **babaylan** ng kanilang banwa dahil sila ay may kakayahang makita ang hinaharap.

3. **Bai (Prinsesa)-** tawag sa anak na babae ng Datu o isang may katungkulan sa isang banwa. Ito ay titulo para sa isang dugong-bughaw na anak na babae.
   - Si Amaya ay isang **bai** sa banwa ni Datu Bugma at siya ay isang napakagandang dalaga.
4. **Bana (Asawa)-** isang lalaki at babae na nagsasama sa iisang bahay at sila ay may basbas sa Diyos na magsama(kasal).
   - Si Dian Lamitan ay malaki ang galit kay Dal'lang, dahil mahal ng kanyang **bana** na si Datu Bugma si Dal'lang, samantalang sakanya ay wala itong pagtingin.
5. **Banwa (Komunidad)-** ito ay isang komunidad o pamayanan na nasasakupan ng isang Datu o Rajah.
   - Upang umunlad ang isang **banwa**, kailangan nito ng isang magaling na Datu, Rajah o pinuno na siyang gagabay sa kanyang mga nasasakupan at sya ring proprotekta para sa kanila.
6. **Batuk (Tattoo, Pintados)-** ito ay isang uri ng disenyong ipinipinta sa katawan ng tao sa pamamagitan ng matulis na bagay na itinutusok sa balat ng tao at lalagyan ng itim o bughaw na tinta mula sa katas o dagta. Ito ay tanda ng katapangan, kung saan mas madaming batuk, mas madaming nakitil na tao sa pakikipaglaban.
   - Madaming **batuk** ang katawan ni Rajah Mangubat kung kaya't siya'y pinangingilagan at nirerespeto ng ibang Datu o Rajah ng iba't ibang banwa.
7. **Binukot (Babaeng itinago)-** ito ay tawag sa mga anak na babae ng Datu, ito ay isang tradisyon ng mga sinaunang Pilipino kung saan itinatago ang mga Bai o napiling pinakamagandang dilag sa isang tribo. Sila ay bawal maarawan o masugatan kaya piling pagkakataon lang sila puwedeng lumabas. Bawal silang magtrabaho dahil ang tungkulin lang nila ay ang makabisado ang ilang epiko at awitin.
   - Napiling gawing **binukot** si Amaya dahil siya ay anak sa labas ni Datu Bugma at para ito'y maligtas sa galit ni Dian Lamitan.
8. **Bugay (Dote)-** ito ay kapalit ng anak na babae bago makuha ng isang lalaki. Minsan ito ay isang kabayaran sa isang babae.
   - Nagbigay ng **bugay** si Juanito sa magulang ni Carmelita upang mapasakanya ang babaeng matagal na nyang iniibig.
9. **Bukot (Bahay)-** ito ay isang bahay na tinitirahan ng mga anak ng Datu o ng isang Bai.
   - Magkasama sila Bai Marikit at Bai Binayaan sa iisang **bukot**, samantalang nag iisa lamang si Bai Amaya sa kanyang **bukot**.
10. **Bulawan (Ginto)-** ito ay mga palamuti(alahas) na ginagamit ng mga may katungkulan sa isang banwa, ito ay malalaki at makikinang.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000834844858 from CourseHero.com on 11-03-2021 05:20:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/67908352/MODYUL-1-AKTIBITIdoc/

- Niregaluhan ng isang binatang mag-aalahas si Marikit ng napakagandang **bulawan** na syang kinatuwa ng dalaga.

11. **Iloy (Ina)-** ito ay ang babae sa isang pamilya o ang ilaw ng tahanan. Siya ang nagsisilbing gabay sa kanyang mga anak.
    - Napaka istrikta ng **iloy** ni Esperanza dahil ayaw niyang mapariwara ang buhay ng kanyang unica hija.
12. **Kampilan (Sandata)-** ito ay sandatang mayroong madisenyong hawakan na gawa mula sa tanso at ivory.
    - Ang mga Rajah at Datu ay mayroong kanya-kanyang **kampilan** na kanilang ginagamit sa pakikidigma.
13. **Kaulayaw (Kalaguyo)-** ito ay bagong kinahuhumaligang babae o lalaki na mayroon ng pamilya o asawa o bagong kinakasama.
    - Si Dal'lang ay **kaulayaw** ni Datu Bugna kung kaya't ang asawa niyang si Dian Lamitan ay galit kay Dal'lang.
14. **Kunggit (Sungka)-** ito ay isang larong may tablang ginagamitan ng sungkaan.
    - Pampalipas oras nila Amaya at Binayaan ang maglaro ng **kunggit** kung saan ito'y ginagamitan ng tabla at bato.
15. **Mabaw (Anak sa labas)-** ito ay anak sa hindi na legal na asawa.
    - Si Amaya ay isang **mabaw** ni Datu Bugna kay Dal'lang kung kaya't galit si Dian Lamitan dito.
16. **Pangangayaw (Pananakop, Pakikidigma, Pamumugot-ulo)-** ito ay isang uri ng paglusob at pagkubakob sa isang banwa o lugar sa pamumuno ng isang Rajah o Datu.
    - Dahil sa **pangangayaw**, madami ang nawawalang buhay noon, at dahil din dito lumalaki ang nasasakupan ng isang Rajah o Datu at nakukuha din nila ang mga kagamitan o kayamanan ng isang banwa na kanilang nilusob.
17. **Samyo (Amoy)-** ito ay halimuyak ng isang amoy na kung saan ito'y hindi nakakasakit sa ilong**.**
    - Ang **samyo** ng buhok ni Minerva ay kasing tamis ng isang presa.
18. **Tagna (Hula)-** ito ay palagay ukol sa mga bagay na mangyayari sa hinaharap.
    - Nagbigay ng **tagna** ang babayalan ni Rajah Mangubat tungkol sa babaeng makakatalo sa kanya sa hinaharap.
19. **Umalagad (Espirito, Diwata)-** ito ay kaluluwa ng isang namatay na ninuno.
    - Ginagabayan ng **umalagad** si Amaya sa kaniyang buhay kung kaya't walang nangyayaring masama sa kanya at siya'y nalalayo sa kapahamakan.
20. **Uripon (Katulong)-** sila ay pagmamay-ari ng isang tao o nakakataas sa lipunan, sila ay walang kalayaan at karapatan at sila ay sunud-sunuran lamang sa taong nag mamay-ari sa kanila.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000834844858 from CourseHero.com on 11-03-2021 05:20:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/67908352/MODYUL-1-AKTIBITIdoc/

- Ang **uripon** ang pinakamababang antas sa lipunan kung kaya't sila ay kaawa-awa lalo na kung ang nagmamay-ari sa kanila ay masamang tao.

  - Makikita natin sa aking itinala na dalawampung salita na ito'y galing sa iba't ibang dayalogo sa Pilipinas. Halimbawa na dito ay ang **banwa** na ang ibig sabihin sa Bikol Central, Cebuano, Dibabawan Manobo sa Mindanao at Hiligaynon ay lungsod, bayan o baryo. Makikita mo na sa isang salita na banwa ay mayroong apat na dayalogo ang magkakaparehas ang kahulugan sa kanilang lugar. Maririnig mo ang salitang **babaylan** sa parte ng kabisayaan. Halos lahat naman yata ng mga salita noon ay galing sa parte ng kabisayaan dahil nandito noon ang dating kapital ng ating bansa, ang Cebu. Magkakaiba ang termino ng isang bagay o salita sakanila ngunit iisa lang naman ang kahulugan nito, tulad ng **iloy** sa Bisaya, **mamay** sa Bikolano at **nanang** sa Ilokano na ang kahulugan sa Tagalog ay ina o nanay. Sa mga salitang lalawiganin nagkakaiba-iba ang mga salita ngunit pagdating sa pambansa o panitikan ay iisa lamang ang kahulugan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000834844858 from CourseHero.com on 11-03-2021 05:20:56 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/67908352/MODYUL-1-AKTIBITIdoc/